

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal at awa na nagbigay sa atin ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya. Pasalamatan Siya sa pag-anyaya sa atin sa buhay na may pananampalataya sa piling Niya.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na maipakita ang pananampalataya mo sa Kanya sa pamamagitan ng gawa. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng mga pagkakataon upang makapaglingkod sa ibang tao ngayong linggo.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung paano ka aktibong makapaglilingkod sa iba. Ipanalangin na ang pamumuhay mo nang may pananampalataya ay maging daan upang makilala ng ibang tao ang Diyos.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---



FILIPINO WEEK 4

## Ang Pananampalataya ay Nagbubunga ng Gawa na Naglilingkod sa Kapwa

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong ginagawa para sa iba? Magkuwento tungkol dito.
- Ikuwento ang isang pagkakataon na may ginawa ka dahil naniniwala ka sa isang tao, adhikain, o proyekto.
- Mayroon bang pagkakataon na hindi mo gustong tumulong sa isang tao kahit pa kaya mong tumulong? Ano ang nangyari?

## WORD

*<sup>17</sup>Ganito rin naman ang pananampalataya; kung hindi ito kinakikitaan ng mabuting gawa, wala itong kabuluhan. <sup>18</sup>Kung talagang may magsasabi, "May pananampalataya ako, at ikaw naman ay may mabuting gawa." Ito naman ang isasagot ko, paano ko makikita ang pananampalataya mo kung wala ka namang mabuting gawa? Ipapakita ko sa iyo na may pananampalataya ako sa pamamagitan ng mabuti kong gawa. **SANTIAGO 2:17,18***

Sa pamamagitan ng pananampalataya natin kay Cristo, natanggap natin ang kaligtasan. Subalit pinaalalahanan ni Santiago ang mga Kristiyanong Hudyo na ang kaligtasan ay simula lamang ng buhay na may pananampalataya kay Cristo. Ang pananampalataya na walang kasamang mabuting gawa ay walang kabuluhan. Sinabi ni Santiago, *Ipapakita ko sa iyo na may pananampalataya ako sa pamamagitan ng mabuti kong gawa.* May dalawang kaibahan ng pananampalataya at gawa na ipinakita si Santiago.

**1** Ang pananampalataya na hindi nagresulta sa mga gawa ay walang kabuluhan.

*Ikaw na walang pang-unawa, gusto mo bang patunayan ko na walang kabuluhan ang pananampalataya kung walang mabuting gawa? SANTIAGO 2:20*

Inilarawan ni Santiago kung paano ipinakita ng kanilang ninuno na si Abraham ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang anak na si Isaac bilang isang buhay na sakripisyo. Ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay hindi huminto sa paniniwala o kaya ay pananalangin sa Kanya. Kung walang gawa, ang kanyang pananampalataya ay walang kabuluhan sa pamumuhay niya kasama ang Diyos. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 1:17 tungkol sa kaligtasan at pamumuhay ng may pananampalataya?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....

**2** Ang ating pananampalataya ay nagiging ganap sa pamamagitan ng ating mga gawa.

*Makikita mo na ang pananampalataya niya'y may kasamang mabuting gawa. Naipakita na tunay ang pananampalataya niya sa pamamagitan ng mabuting gawa. SANTIAGO 2:22*

(Basahin din ang **SANTIAGO 2:23,24.**)

Sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos dahil sa pananampalataya niya sa Kanya. Nakita ang kanyang pananampalataya sa kanyang mga gawa, at *dahil dito itinuring siyang matuwid*. Para mangyari ito, ang ating pananampalataya at mga gawa ay dapat na magkasama. Kailan ang huling pagkakataon na kumilos ka sa iyong pananampalataya?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....

**APPLICATION**

- Ibahagi ang pagkakataon kung kailan nanampalataya ka kay Jesu-Cristo. Paano nito binago kung paano mo nakikita ang ibang tao?
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung sino sa mga kapamilya o kaibigan mo ang hindi pa nakakikilala sa Kanya. Paano mo sila magagawang paglingkuran ngayong linggo?
- Kasalukuyang ka bang nakikibahagi sa pananalangin, pagbibigay, at pakikilahok sa mga gawain ng isang organisasyon na naglilingkod sa ibang tao? Paano mo magagawang maging aktibo sa pakikibahagi sa mga gawaing ito simula ngayong linggo?